

MAY DADDUMA PAY

Prof. Lilia Quindoza Santiago

(Panayam para sa Likhaan: Institute of Creative Writing, Hulyo 19, 2007, Pulungang Recto, Bulwagang Rizal, UP Diliman, Quezon City)

INTRODUKSIYON

Binago ko nang bahagya ang titulo ng aking papel ngayon. Mula sa “Dadduma pay” ginawa kong “May dadduma pay” bilang asersiyon at apirmasyon ng isang katunayan sa ating paligid. Ito ang katunayan ng biological at cultural diversity na mangyari pa ay magkaugnay bilang mga phenomenon sa ating daigdig.

ANG PILIPINAS ay bansang biniyayaan ng kalikasan ng pinakamaraming uri ng halaman, nilalang sa lupa at nilalang sa dagat. Sentro tayo ng biodiversity at pinatutunayan ito mismo ng ating mga biologists at siyentista. Sentro rin tayo ng cultural diversity at pinatutunayan ito ng iba ibang estilo ng buhay at bahay, pagsamba at relihiyon, pagkain, at damit at pinaghalong mga lahi ng katutubo: Agta, Igorot, Ilokano, Cebuano, Waray, Tausug, Maranao at iba pa, at mestiso: Kastila, Tsinoy, Fil-am, Japinoy at iba pa.

Mayroon tayong pitong libo at isandaang pulo na dito’y tumatahan at bumubuo ng sibilisasyon ang iba’t ibang etnolinggwistikong grupo na nagsisipagsalita ng marami at iba-ibang wika mula pa sa Malayo-Austronesian Polynesian group of languages. Ikasampu tayo sa mga bansang may pinakamaraming wika, dahil ayon sa mga linggwista mayroon ditong 171 buhay na wika na sinasalita ng mga tao hanggang ngayon. May labindalawang wika mula sa 171 na ito ang may mahigit isang milyong tagapagsalita. Ang mga wikang may isang milyon at higit pang ispikers ay ang Tagalog, Cebuano, Ilokano, Pangasinan, Kapampangan, Bikol, Waray, Hiligaynon, Maranao, Maguindanao, Tausug, Kiniray-a.

PARA sa akin, isang kayamanan ang pagkakaiba-ibang ito at marami tayong dapat ipagpasalamat.

Gayunman, tila hindi natin kinikilala at lalong hindi ipinagpapasalamat bilang kayamanan ang pagkakaiba-iba nating ito. Sapagkat sa nakaraang mga siglo ng kolonyalismo, ginamit ng mga kolonisador ang ating pagkakaiba-iba at di pagkakatulad bilang saligan ng, paghahati-hati at pagkakahiwalay. Nanalig at naniwala tayo sa mga kolonisador na nagturo sa atin na tayo’y tiwalag sa isa’t isa, magkakatunggali at magkakalaban, kaya kailangan ng mga instrumento ng pamayapa upang magkaisa. Dito nagtagumpay ang relihiyon at edukasyong kolonyal sa Pilipinas.

Ngayon, dapat nating bisitahin at suriing muli ang ganitong pagtingin sa pagkakaiba-iba. Kailangan nating pag-aralan muli ang kasaysayan at katunayan ng ating cultural diversity. Ang mas malaking hamon, ay kung paano natin gagamitin itong cultural diversity bilang sandigan ng katatagan sa panahon ng digitalisasyon at globalisasyon.

Sa kanyang keynote na talumpati nito lamang Mayo 2007 sa ginanap naming Nakem International Conference sa Batac, Ilocos Norte, iniharap ni Dr. Ricardo Nolasco, kasalukuyang Punong Komisioner ng Komisyon sa Wikang Filipino ang kanyang proposisyon para sa "Maraming Wika, Matatag na Bansa." Sang-ayon sa kanya,:

"Ang katwiran at batayan ng "Maraming Wika, Matatag na Bansa" ay may kinalaman sa pagiging multilingguwal at multicultural ng mga Pilipino. Sa halip na isang disbentahe, itinuturing ng Komisyon na isang napakalaking bentahe ang pagkakaroon ng Pilipinas ng mahigit 171ng wika." Sa kumperensiya rin ng Nakem, inilatag ni Dr. Nolasco ang pangarap ng Komisyon para sa mga wika ng Pilipinas. Aniya, "Ang pangarap namin ay maging sentro ng kapantasan sa mga wika at literatura ng mga Pilipino."...isang sentro na dalubhasa rin sa teknolohiyang pang-impormasyon at pangkomunikasyon upang magampanan ang gawain ng pagpapaunlad, pagpapalaganap at pagpapanatili ng mga wika sa Pilipinas."

Pansinin na ang kanyang ginamit ay "mga wika ng Pilipinas" at hindi lamang, wikang Filipino o wikang pambansa. Isang makatwirang layon ito, isang mahalagang pagkilala sa realidad na pangwika sa bansa. Kailangan nang harapin nang buong hinahon at tibay ang katunayang may isang daan at pitumpong wika tayo rito. At kung may ganitong bilang ng mga wika, nangangahulugang mayroon ding halos ganitong bilang ng mga nabubuon panitikan. Dahil, bawat wika sa totoo lang ay lumilikha ng kanyang sariling panitikan.

Kaya marapat lamang ngayon na pag-usapan natin ang DADDUMA PAY. Kinakatigan ko at sinusugan ang proposisyon ni Komisioner Nolasco at may idurugtong akong palagay. Para sa akin, higit na magiging makulay an gating buhay sa bisa mga wika at panitikan sa Pilipinas sa bisa ng dadduma pay.

ANG DADDUMA PAY

Ang DADDUMA PAY ay salitang Ilokanong humihiling at nagnanasa ng pag-iba at pagkakaiba. Sa dadduma pay, ang pambansng karanasan ay naihahayag at nailalarawan sa iba ibang pagtingin, pananaw, pananalig. Sa dadduma pay, maaari nating makilala at madama ang ilang karanasang ligaw, o nawalay sa atin sa mahabang panahon ngunit makikilatis natin bilang di maitatakwil na bahagi ng ating kaluluwa at pagkatao. Sa dadduma pay – mapapakinggan natin ang mga naiibang tinig sa mga sulok-sulok ng kapuluan na maaaring naiwalin-walin, o naisantabi bunga ng realidad ng heograpiya at mga kahingian sa pamamahala at pangangasiwa. Sa dadduma pay, makakasabay tayo sa tayog ng imahinasyon at bisyon ng mga manunulat at manlilikha mula sa iba't ibang etnolinggwistikong grupo sa bayan natin at sa dadduma pay, yayaman ang ating mga sapantaha at bisyon at sadyang lalakas ang ating pasiyang patuloy na mabuhay at umunlad.

Ang mga Ethnoepikong Filipino

Magsimula tayo sa mga epiko. Nang ituro ko ang Ethnoepikong Filipino sa Old Dominion University noong summer 2005, tinanong ako ng isang estudyante kung paanong napag-uugnay daw ang dalawang konseptong tila magkasalungat - ang ethnic at ang epic.

Namamangha raw siya dahil parang mahirap isipin kung paano nagiging epical ang karanasang etniko. Paano nagkakaroon ng epic proportions ang karanasan ng isang maliit na grupo o tribu. Ang sagot ko sa kanya ay 'yon na nga mismo ang pinatutunayan ng mga ethnoepikong Filipino. Ang laki o liit ng isang komunidad ay hindi sukatan ng kakayahang maglunsad ng kamangha-mangha, super, mega, may magnitude na mga pakikipagsapalaran sa mundo sa bisa ng panitikan.

Kung tutunghayan natin ang mga texto ng natranscribe nang mga epiko, makikita ang epical na katangian ng mga pakikipagsapalaran ng mga bayaning tulad nina Aliguyon (Hudhud) , Lumalindaw (Lumalindaw) , Lam-ang, Labaw Donggon, Agyu, Sandayo, at Kudaman at marami pang iba. Isasalaysay ko ang ilan sa mga itinuturing kong mga sandaling epical o moments of epic proportion sa ilan sa mga ethnoepikong ito.

Sa epikong Hudhud, hahamunin ng laban ni Aliguyon, anak ni Amtulao ang maalamat at malaDiyos na mandirigmang si Pumbakhayon na anak ni Pangaiwan ng Daligdigan. Taon ang bibilangin at ilang mandirigma mula sa Hannanga (na bayan ni Aliguyon) at Daligdigan (na bayan ni Pumbakhayon) ang masasangkot sa digmaan. Kagila-gilalas ang labanan sa pagitan ng dalawang puwersa na magaganap sa mga payao (rice terraces) sa panahon ng paghahasik ng binhi at pag-ani ng palay. Ang pakay ng kanilang paglalaban ay kung sino ang tatanghaling mandirigmang siyang aani sa pinakamayamang biyaya ng palay sa mga payao. Kaya, bahagi rin ng paglalaban ang pagpuksa sa ani ng bawat isa, upang higit na makalamang sa labanan.

Ang lalong kahindik-hindik sa mga labanan nina Aliguyon at Pumbakhayon ay ang katunayang walang natatalo sa paghahamok. Kapag umuurong ang isa, sinusundan at hinahamon ng isa pa, at kapag malapit nang matalo o mabuwal ang isa, mayroon at mayroon mangyayaring kamangmanghang bagay na pipigil sa pagkamatay o pagkagapi ng isa pa. Kaya naman sa huling bahagi ng salaysay, nagpasiya si Aliguyon sa payo ng kanyang ama na suyuin na lamang ang kapatid na dalaga ni Pumbakhayon na si Bugan, at sa kabilang bahagi naman, nauna nang pinag-ukulan ng pansin ni Pumbakhayon, ang kapatid na babae naman ni Aliguyon na si Aginaya. Kaya, magwawakas ang salaysay na walang namamatay sa dalawang mandirigma, sila ay pakakasal at magiging bilas ang isa't isa at magwawakas ang buong epiko sa dalawang marangyang kasalan kasabay ang malaking pagdiriwang sa Daligdigan at sa Hannanga.

Noong taong 2004, kinilala ang Hudhud bilang World Heritage Literature ng UNESCO, kasabay ng pagkadeklara sa Banaue Rice Terraces bilang world heritage site. Samakatwid, isang maituturing na epic achievement na rin ito ng ating mga kababayang katutubo sa Cordillera.

Samantala, pakasaritaan na o makasaysayang salaysay na ngayon ang mga pakikipagsapalaran ni Lam-ang, sa kaisa-isang epikong Ilokano na may oryentasyong kristiryano. Sa limang episode ng salaysay, magmula duyan hanggang sa muling pagkabuhay, ipapakitang-gilas ni Lam-ang ang kanyang husay bilang mandirigma at mangingibig. Magagapi niya ang mga tagabundok na pumaslang sa kanyang ama,

magtatagumpay sa panliligaw at pagpapakasal kay Ines Cannoyan, makakahamok niya ang higanteng Rarang at mabubuhay nang mag-uli matapos lamunin ng higanteng isdang berkakan. Ang kalugod-lugod na bahagi ng Lam-ang ay ang “dallot” na ritwal ng pamamanhikan ng mga Ilokano. Sa ngayon, matagumpay na nakalagak ng dallot sa kamalayan ng mga Ilokano.

Sa epikong Handiong ng mga Bikolano, makikihamok ang bayani sa iba’t ibang uri ng halimaw o mga monsters tulad ng Tiburon—malaking pating na may mga pakpak, mababangis at ligaw ma hayop sa gubat tulad ng malahalimaw na mga baka at kalabaw at ang kahambal-hambal na mga sawa na pumupulupot sa katawan. Sa tindi ng kanyang pakikihamok, makakalikha siya ng tatlong mga bundok na nag-uumapaw sa init—ang bundok Isarog sa Camarines, ang bundok Mayon sa Albay, at ang bundok Bulusan sa Sorsogon. Sa tibay din ng kanyang pasiyang makihamok, makakaimbento siya ng mga kasangkapan na gagamitin ng kanyang mga tauhan sa pagsasaka.

Ang epikong Ulahingan ng tribung Livunganen, Arumanen ng mga Manuvu, ay pinakamahaba sa bansa— inaabot ng halos dalawang linggo ang pag-awit nito. Sa epikong ito si Agyu at kanyang mga kapatid na lalaki na si Lena at kapatid na babae na si Matabagka, ay maglulunsad ng pangmatagalang pakikibaka upang iligtas ang angkan at buong lahi at itayo ang kanilang paraiso, ang bayan ng Nalandangan. Ang mga digma at pagbabaka ay kakikitaan ng paggamit ng samut-saring magic at salamangka, tulad ng pagsalakay ng isang dambuhalang bakal mula sa langit na nais sakupin, abutin ang at lulunin ang mga tao sa Nalandangan. Gagapiin at wawasakin ito ng magkakapatid. At ang buong epiko ay salaysay ng samutsaring pakikibaka upang iligtas ang Nalandangan sa pagsalakay at pananakop ng mga kaaway.

Ang epikong Hinilawod ng mga Sulod, ay pagsasalaysay ng kagila-gilalas na pakikipagsapalaran ng tatlong magkakapatid, sina Labaw Donggon, Humadapnon at Dumadapdap. Ang bayani ng unang bahagi na si Labaw Donggon, ay kahanga-hanga sa kanyang pagiging marubdob at marupok na mangingibig. Kinalaban niya ang dambuhalang si Mamaluntad upang makuha ang kaakit-akit na unang asawang si Abyang Ginbitinan. Nagkaanak siya kay Abyang Ginbitinan, isang lalaki, si Baranugun. Matapos nito, naghangad siya ng isa pang asawa, at kinailangan naman niyang daigin sa laban si Siday Padalogdog upang makamit ang pag-ibig ni Abyang Doroanon. Magkakaanak siya kay Abyang Doroanon, isang lalaki muli, si Asu Mangga. Ngunit hindi pa rin nasiyahan si Labaw Donggon sa dalawang asawa, maghahangad siya ng pangatlo. Sa pangatlo siya magkaroon ng katakot-takot na pagsubok dahil ang inaasam niyang babae, si Nagmalitong Yawa Sinagmaling Diwata, ay may asawa na, at ang asawa nito, si Saragnayan ay magpapasiyang makukuha lamang ni Labaw Donggon ang kanyang asawang Diwata sa ibabaw ng kanyang bangkay. Kaya magtatagal ng mahigit pitong taon ang labanan nina Labaw Donggon at Saragnayan at sa unang bahagi, madadaig makukulong si Labaw Donggon sa kural. Ililigtas siya ng dalawa niyang anak na lalaki matapos malaman ang lihim na pamlang ni Saragnayan.

Ang disenyo ng epiko na isang quest o paghahanap, ay common sa lahat ng mga ethnoepikong Filipino. At ang motif ng paghahanap ng maraming asawa ay ulit ulit na lilitaw

sa mga ethoepikong Filipino. Sa epikong Lumalindaw ng mga Ga'dang ang bayani ay magkakaroon ng limang asawa, na pawang nagkaanak ng panganay na lalaki, at lahat ng kanyang mga panganay na anak na lalaki ay binigyan niya ng pangalan na Yedan. Kaya sa huling bahagi ng epiko, magtatagpo tagpo ang limang anak na lalaki na nangingalang Yedan at malalaman na na iisa pala ang kanilang ama.

Paghahanap din ng asawa ang istorya ni Kudaman, ang epikong mula sa Palawan. Magkakaroon siya ng limang asawa, at dito, inilalarawan ang paghingi ng pahintulot sa una at dati nang asawa upang makapaghanap ng iba pa. Yan ang isa pang birtud ng dadduma Pay.

Maitatanong natin, isa bang pagpapapababa ng kalagayan o estado ng babae ang ganitong pagkakaroon, paghahanap o pag-asam ng maraming asawa sa mga epikong Filipino? Ang totoo, kung babasahin natin ang mga na-transcribe na mga texto, sadyang pinahihintulutan ng mga asawang babae ang bayani na maghanap ng iba at bagong asawa. Katunayan, ang iba, hinihimok at pinalalakas pa ang loob ng bana (asawang lalaki) sa pakikilaban upang makuha ang bagong asawa. Sa aking palagay, patibay lamang itong paghahanap ng mga asawang babae ng seguridad ng kababaihan sa kanilang estado sa lipunan. Sa mga epiko at maging sa ating mga kuwentong bayan, napatibayan na ang marangal, matatag at di maigugupong papel ng babae pagdating sa kultura. Siya ang babaylan, catalonan, doronakit, baglan, anitera, na humuhubog ng kultura at estilo ng buhay ng tribu o komunidad, gumaganap ng mahalagang papel bilang manggagamot, pinuno ng ritwal, hilot, taga-atang, paradung-aw sa mga patay, makata at mandirigma. At, ito pa ang mas mahalaga kaugnay ng epiko. Ang karamihan sa mga ethnoepiko sa Pilipinas ay nalilikha, napagyayaman, naipagpapatuloy at nagkakaroon ng maraming signipikasyon at sopistikasyon dahil sa mga babae. Mga babae ang nagsisilbing tagaawit ng epiko sa kalakhan (sapagkat inaawit ang epiko) at sa kanilang pag-awit nalilikha ang mga episodyo, nabubuo ang mga larawan maging ang mga katangian ng mga tauhan, ng mga bayani. Totoong malaki ang kinalaman ng imahinasyong babae, sa katutubong tradisyon ng pag-awit ng ethnoepiko. Malaki ang papel ng kababaihan sa pagkakabuo, pagpapalawig at pagpapalaganap ng tradisyon ng epiko. At kung tutuusin, bawat major etnolinggwistic group sa bansa na may ipinagmamalaking epiko ay may sugo ng kababaihang nagpapamansag nito.

Marahil, maitatanong natin ngayon, kung may epiko ang mga Ilokano, Bicolano, Bisaya, Muslim, bakit walang epikong Tagalog?

Ang sagot, sa totoo lang ay mayroong epikong Tagalog, ngunit maaaring hindi namamalayan ng mga Tagalog dahil masyadong obvious ito. At hindi ito ang salaysay ni Bernardo Carpio na kine-claim ng marami bilang epikong Tagalog. Ang epikong Tagalog, sa totoo lang, ay walang iba kundi ang Mariang Makiling. Ito ay isang malaking sapantaha sa ngayon pero nais kong igiit na nasa salaysay ni Mariang Makiling ang lahat ng mga katangian ng epiko – may kamangha-manghang magnitude ang salaysay ni Mariang Makiling na sumasalikop sa kamalayang Tagalog. Makikilala ang magnitude ng epiko ni Mariang Makiling kung titipunin at pag-iisahin lamang ang mga salaysay na ito. At ang magandang ikaiiba ng epikong Tagalog na ito ay ang katunayang babae, o isang babae ang bayani, na hindi naman

katakataka dahil nga sa katunayan ng marangal at kapuri-puring estado ng babae sa ating katutubong lipunan. Hindi ba ito na nga ang patibay na ang isang babae ay maaaring lider, bayani at idolo ng kanyang lahi mismo? Dalawang beses na nating napatibayan sa lipunan na tayo ay maaaring pamunuan ng isang babae. May mito at alamat kasi na sandigan ito sa ating kasaysayan.

At ang isa ko pang sapantaha, na medyo wild marahil ngayon at din a puwedeng patibayan—kung nakapagpatuloy lamang kasi si Jose Rizal sa kanyang pagsulat sa Tagalog, malilikha niya o matitipon o maitatranscribe ang ethnoepikong Tagalog na Mariang Makiling. Pero, ipauubaya ko na iyan sa ibang mga mananaliksik, at tatalakayin sa ibang araw bilang ibang usapin. May dadduma pay.

May dalawang antolohiya ng mga epikong natranscribe at napag-aralan na ng mga iskolar at mananaliksik. Ang una ay ang Antolohiya ng mga Panitikang Asean, (1994) na inedit at isinaayos nina Jovita Ventura Castro, Antolina Antonio, Patricia Melendres-Cruz at Rosella Jean Makasiar Puno. Limang epiko ang itranscribe sa orihinal na wika at isinalin kapwa sa Filipino at English. Ang mga ito ay ang Aliguyon, Biag ni Lam-ang, Labaw Donggon, Agyu at Sandayo. Sa pahina 495- 496 ng libro, may talaan ng mga epikong Pilipino at umaabot ito sa isang daan at pito (107) at nasa iba't ibang antas ng produksiyon – ang ilan nga ay nababanggit lamang, ang ilan ay nasa mga tapes, ang ilan ay nalimbag na nga. Nais kong banggitin ang ilan dito na maaaring pagkainteresan ng mga kasalukuyang naghahanap ng gagawing disertasyon. Sa Cordillera, may nabanggit na epiko ng Kabuniyan na di pa nalilimbag. Sa Palawan, pinakamarami ang nabanggit na di pa nalilimbag kabilang na ang Mamimimbin, Ajek, Tjaaw, Ilu-ilu, Limbuhananan, Limbagusan, Lantangan, at katakut-takot ang mga nabanggit na hindi ko na isasama rito.

Ang libro sa buong serye ng Philippine Folk Literature, na The Epics, ni Dr. Damiana Eugenio (UP Press, 2001) ay may 22 mga epiko na pawing isinalin sa English.

Sang-ayon sa ating iskolar, manunulat at mananaliksik na si Resil Mojares, ang generic origins o pinakaugat ng mga modernong nobela natin ay nasa mga lumang salaysay, lalo sa mga ethnoepiko at mga metrical romances. At ang sabi pa niya, “ang Philippine narrative o ang pagsasalaysay sa Pilipinas ay mayroong dalawang tampok na anyo – ang epiko at ang nobela. Ang landas mula sa isa, tungo sa isa pa ay kakikitaan ng nagsala-salabat na mga paglago, sariwang pag-usbong, gayundun ng nabansot na mga puno, na dito’y naglalaho ang mga daan at nagiging sukal, o lumulubog sa ilalim ng lupa, o kaya naman ay nagbibigay daan sa higit na mataas na kabayanan na dito’y higit na mayaman ang mga lupain at mga halamanan. Umiiral at nagpapatuloy ang pagkakaugnay na ganito bagamat hindi tuwirang nakikita, dahil may ispesyal, ngunit di simpleng kaisahan ang karanasang pampanitikang Filipino.” (aking salin)

Hindi simple, kundi komplikadong totoo ang paglalakbay ng nobela mula sa kanyang pinag-ugatang epiko hanggang sa modernong anyo. Pero, nakatutuwang isipin na may umiiral at nagpapatuloy na kamalayan, sa ugat at sinaunang mga tradisyong ito.

Ang ibinahagi ko ay iisa pa lamang na anyo ng panitikang Filipino, ang epiko. At tulad ng nasabi na, may mahigit sandaang epiko sa Pilipinas at tiyak na hindi tayo matatapos ngayon kung iisa-isahin natin ang mga ito. Marami pang ibang anyo. May dadduma pay.

Ang mga anyo ng malikhaing pahayag sa mga katutubo ay iba iba ngunit nagkakaugnay at nagkakapareho rin sa kanilang pagkakabuo. Sa mga pahayag na patula o awit, marami tayong folk lyric traditions. Nariyan ang laji ng mga Ivatan (isang buong libro ng pag-aaral at pagsusuri at mahigit isandaang laji rin ang pinag-aralan ni Dr. Florentino Hornedo ng Unibersidad ng Santo Tomas. Ang laji ay may mga kapatid sa Amianan (Norte) na mga awit, katulad ng badeng, duayya at dung-aw ng mga Ilokano, at kinantaran ng mga Cagayanon. Pareho-parehong folk lyric traditions ang mga ito, pagsasanib ng tula o mga liriko at musika. Inaawit ang mga tulang ito sa lahat ng okasyon, sa pagluluwal, pagpapatulog ng sanggol, pagbibinyag, pamamanhikan, kasalan, kamatayan. ng balitaw at komposo.

Mangyari pa ang lahat ng yugto sa buhay ay may ritwal, at ang bawat ritwal ay isang dula na nagkikintal ng halaga ng karanasan o yugtong ito sa buong proseso ng pagiging tao.

Sa mga salaysay, awitin at dulang bayan na ganito natin higit na nakikilala ang maraming paraan ng paghahayag ng pagsinta—lahat ng uri ng pag-ibig, sa Maykapal, sa isang kaibigan, kasintahan, minamahal sa buhay, sa bayan. Lugod na lugod tayo sa tula ni Jose Corazon de Jesus na “Bayan Ko,” ngunit napakinggan na ba natin ang “Iroy Nga Tuna” sa Waray? Isang napakagandang rendisyon ito ng pagmamahal sa bayan na inaawit-awit lagi ng mga kababayan nating waray. Lagi nating napakikinggan ang “Pamulinawen” at “Dahil Sa Iyo.” Pero kasingtimyas din ang pagmamahal na ang inihahapag ng awiting “Usahay” ng mga Cebuano, at “Sarong Banggui” ng mga Bikolano. Iba- iba ang wika ng mga awiting ito, subalit bakit tayo nakakaugnay sa bawat isa? Bakit tayo sumasabay sa imbay at indayog ng mga salita, kahit pa, wala sa ating hinagap ang kanilang sinasabi?

Yan ay sapagkat mga representasyon ang mga awit na ito ng “dadduma pay”. Ibang mukha ng karanasan n gating lahi, subalit ating-atin din, nasa puso at isip, kaluluwa at haraya bilang mga mamamayang Pilipino.

Bibliyograpiya

- Castro, Jovita Ventura, Antonio Antolina, et. Al. Antolohiya ng mga Panitikang ASEAN. Mga Epiko ng Pilipinas. Manila: Komite ng Kultura at Kabatiran ng ASEAN, 1984.
- Eugenio, Damiana. Philippine Epics. Philippine Folk Literature Series. Quezon City: University of the Philippines Press, 2001.
- Mojares, Resil. Origins and Rise of the Filipino Novel. Quezon City: University of Philippines Press, 1983.